


# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

## MAY KANLUNGAN SA PAGKAKALABAWAN

ISSN 2507-8933
Tomo 7, Blg. 2 | 2022
Pangalawang Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

**Tomo 7, Blg. 2 | 2022**
Pangalawang Isyu



PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** RONALINE C. CANUTE, DINE YVE D. DAGANOS, COORES E. CELOY, ROVELYN T. JACANG
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** COORES E. CELOY, DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0734•Email: pccoed2021@gmail.com **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•(+63) (077) 792.3187 •(+63) 927.965.5724 •Email: pccmmsu@gmail.com **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pccpiat07@yahoo.com**DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pccdmmmsu2020@gmail.com **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pccclsu@gmail.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Mobile No.: (+63) 908.811.2841 •Email: pccuplb@gmail.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Telephone No.: (+63)(053) 563.7649 •Mobile No.: (+63) 917.145.4772 | (+63) 908.895.2461 •Email: pccvsu@gmail.com **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pccwvsu@yahoo.com **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcclcsf@yahoo.com **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pccusf.ubay@yahoo.com **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668| (+63) 906.726.0979 •Email: pcc_mlpc09@yahoo.com **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pccmusuan@yahoo.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN



3 SCMPC Dairy Box: Katuwang ng mga magsasaka sa pag-unlad

6 Kanlungan sa gitna ng unos

10 Ang pamilyang nagkakalabaw, sa kita napapa-wow

14 Kalabaw lang ang tumatanda: Kwentong pagpapatunay na 'age is just a number'

18 Nagkandalugi noon, tuluy-tuloy na nagtatagumpay ngayon!


**PALIWANAG SA PABALAT**

Sa edad na 67 ay hindi alintana ni Tatay Gregorio ang iba't ibang gawain sa pag-aalaga ng kalabaw. Nananatili siyang masigasig at maliksi sa pagganap ng mga trabahong ito dahil para sa kanya "kalabaw lang ang tumatanda". Taglay ang disposisyong ito, dalawang beses nang naparangalan ng DA-PCC ang mga kalabaw ni Tatay Gregorio bilang Best Junior Cow noong 2021 at Best Senior Cow noong 2010.

(LARAWANG KUHA NI **COORES CELOY**)





# SCMPC Dairy Box: Katuwang ng mga magsasaka sa pag-unlad

NI **RONALINE CANUTE**

Mahilig ka ba sa produktong gawa sa gatas katulad ng ice cream, milk tea, at keso? May alam akong pagbibilhan na tiyak na mapapa-take two ka sa sarap.

Kung sakaling madako ka sa bayan ng Labuo, President Roxas, Cotabato, daanan mo na rin ang Sta. Catalina MPC Dairy Box. Tiyak akong mabubusog ka sa mga sari-saring bilihin na mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw gaya ng milk tea, ice cream, keso, pastillas, cara blanca, at yogurt.

"Quality milk for better life!"

Ito ang tagline ng kauna-unahang Dairy Box sa Rehiyon 12—ang Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative (SCMPC).

Nakaangkla ang tagline sa vision ng kooperatiba na bumuo at magpatupad ng mga programa at serbisyo na naglalayong mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga miyembro.

Ang pasilidad ay itinatag bilang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o mas kilala sa tawag na "Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB)-Karbawan" na ipinatutupad ng DA-PCC at pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia Villar.

Ang pasilidad ay nagsisilbing isang dairy outlet kung saan maaaring


SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA












ibenta ng mga magkakalabaw ang masustansyang gatas ng kanilang mga kalabaw.

Noong Agosto ng nakaraang taon, pormal na binuksan at na-turn over ng DA-PCC sa USM ang Dairy Box outlet at processing facility sa SCMPC.

Ang Dairy Box ay bukas mula Lunes hanggang Linggo.

Bago pa man nagkaroon ng Dairy Box ang SCMPC ay dumaan din ito sa mga pagsubok. Alam niyo ba na ang simula ng SCMPC ay maituturing na makasaysayan? Noong huling bahagi ng 1982, hanggang sa mga unang buwan ng 1983, isang mahabang tagtuyot ang naganap sa Mindanao, na nakaapekto sa maraming lugar na kinabibilangan ng Pres. Roxas. Natuyo ang mga sakahan at ganun din ang pananim at kita ng maraming magsasaka. Ito ang nag-udyok sa mga lokal upang humingi ng tulong sa simbahan ng Sta. Catalina.

Sa pamamagitan ng inisyatiba ni Fr. Fred Epiz at ilang parish lay leaders, isang kooperatiba ang nabuo.

Nagsimula ang operasyon nito noong Nobyembre 4, 1983 na may 47 pioneer members at puhunan na Php7,000. Ang kooperatiba ay unang pinangalanan na "Parish Cooperative."

Noong 1985, narehistro ito bilang isang Multi-Purpose Cooperative na may pangunahing programa gaya ng merchandising, marketing, at credit. Pinangalanan nila itong Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative na hango sa pangalan ng kanilang patron na si Sta. Catalina de Alexandria.

Makalipas ang 10 taon, sa pamamagitan ng foreign funding ay nagpatupad ang SCMPC ng iba't ibang espesyal na proyekto gaya ng SIKAP Foundation, Inc. na dinisenyo upang madagdagan ang kita ng mga marginal upland at lowland farmers.

### Pinto ng biyaya

Ang SCMPC Dairy Box ay nagsisilbi ring pinto ng biyaya sa mga magsasaka at magkakalabaw sa Cotabato. Ito ay ayon kay Wendell Amoronio, operations manager ng SCMPC.

Upang mas tumaas pa ang kita ng mga miyembro nilang magsasaka, aniya, ay kinukumbinsi nila ang mga ito na magtanim ng forage. Ang bawa't isa sa kanila ay nakapagpoprodyus ng 20,000 hanggang 30,000 kilo ng Napier sa loob ng 45 days, na binibili naman ng koop ng piso kada kilo.

Ang Dairy Box ay kaagapay din ng DepEd at DA-PCC sa pagpapatupad ng national feeding program para sa mga batang kulang sa nutrisyon sa mga pampublikong paaralan.

Matatandaang nilagdaan ni Pangulong Duterte ang RA No. 11037 noong Hulyo 2018 para tugunan ang problema sa malnutrisyon ng mga batang Pilipino sa pamamagitan ng national feeding program kung saan kabilang ang milk feeding.

Kahit wala nang involvement ang simbahan ay nagbabahagi pa rin dito ng tulong ang SCMPC taun-taon.

### Kaabang-abang na pagbabago

Ibinahagi ni Amoronio at ni Kenneth Jan Tomelden, in-charge sa dairy production at marketing, ang planong pagpapatayo ng kauna-unahang drive thru Dairy Box sa bansa na pangungunahan mismo ng SCMPC. Ang pasilidad ay planong ipatayo sa national highway ng Cotabato at Davao.

Bukod pa rito, pinaplano rin nila ang pagpasok ng Dairy Box sa mga malls.

"Base sa mga feedback ng mga kliyente, mas masarap at masustansya ang produktong gawa sa gatas ng kalabaw kaya naman maganda siyang ipakilala sa mas malawak na market," pagtatapos ni Amoronio.

"Naaappreciate ko itong design program ng DA-PCC kasi inaalalayan nila ang koop mula production, processing hanggang marketing."

**WENDELL AMORONIO**

Operations Manager SCMPC, President Roxas, Cotabato



# Kanlungan sa gitna ng unos

NI **DINE YVE DAGANOS**

Hindi puro hirap ang dulot ng pandemya. Sa katunayan, marami rin ditong mga pagtatanto, katulad ng napagnilayang aral sa buhay. Samantala, pandemya naman ang dahilan kung paanong nagbukas ang maraming oportunidad sa iba. Katulad na lang ng mga kabataan ng San Vicente, Ubay, Bohol na may negosyong nasumpungan at nang lumao'y nagpaalab pa nga sa kanilang pangarap na magandang kinabukasan.



Mistulang malawak na pastulan ang nayon kung saan nagbubukid sina Melvin Sastrillas at ang mga kabataang kasapi ng UNBA 4-H club sa San Vicente. Sariwa ang hangin dito at maraming puno ng niyog ang nakapaligid. Nakatutuwa ring pagmasdan ang iba't ibang uri ng mga hayop na malayang nakapaglilibot dito katulad ng biik, manok, at kambing pati na ang mga baka at kalabaw na nakatali sa magkakahiwalay na sulok. Agaw-pansin din ang matingkad na hagdan ng palayan sa ibayo na malapit na ring magbutil. Sa ganda ng tanawin at maaaliwalas na mukhang sumalubong sa amin, hindi mo aakalaing dinaanan ito ng malakas na bagyo.

Sa tabing sulok naman nakatayo ang kabahayang gawa sa pinaghalong semento at tradisyunal na materyales kung saan nakatira ang mga magsasaka rito kasama na ang grupo ng UNBA 4-H Club na binubuo ng 30 kabataang nasa edad 12 hanggang 23 at pawang anak ng mga maggagatas-magkakalabaw.

### Pagsibol ng UNBA 4-H Club

Nabuo ang grupo ng UNBA 4-H club noong Hulyo 15, 2021 sa pangunguna ni Gaudioso Calibugan o mas kilala bilang "Gudi", senior agriculturist ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa Ubay Stock Farm. Kasali sa layunin ng DA-PCC na mahikayat ang mga kabataan na tangkilikin ang pagsasaka at pagkakalabaw at bumuo ng kani-kanilang organisasyon para mas mapabuti ang pagdaloy ng suporta mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno sa sektor ng agrikultura.

Sa payo ni Gudi ay unang sinubukan ng grupo ang produksyon ng corn silage bilang pagkakakitaan. Ang tanggapan ng DA sa lokal na pamahalaan ng Ubay at DA-PCC ay nagsanib pwersa sa pagbibigay ng kaukulang pagsasanay sa grupo tungkol sa pagtatanim ng mais at paggawa ng silage. Nagmistulang on-the-job training and ginawang pagsasanay sa grupo. Ipinaupa na rin ng dalawang ahensya ang gamit na chopper at harvester sa grupo at sinamahan ng silage bags. Samantala, ang Bohol Dairy Cooperative (BODACO) naman ay nagpaupa ng tractor na gagamitin para sa pagbubungkal ng lupa.

Sa pagkakataon ding iyon ay nag-invest ang BODACO ng pangkapital sa grupo para sa produksyon nila. Pagkalipas lang ng mahigit dalawang buwan ay nakabenta sila ng mahigit 300 na sako ng corn silage na nagkakahalaga ng Php75,000. Bawa't kilo ay ipinagbibili nila sa halagang Php7.

Sinundan pa ito ng matagumpay na pangalawang cycle ng produksyon nguni't hindi sila tumigil dito at pinasok din nila ang paggagatas ng kalabaw at baka. Nagkaloob ng limang kalabaw ang DA-PCC habang walong baka naman ang ibinigay ng DA.

Bawa't litro na nakukuha mula sa mga alagang hayop ay naibebenta nila sa halagang Php50. Umaabot sa Php8,000 ang kinikita nila buwan-buwan mula rito.

Dahil sa ipinamalas na kasipagan ay binigyan pa sila ng DA ng karagdagang baka para naman sa fattening program nito.

### Kanlungan sa gitna ng mga pagsubok

Ayon kay Melvin Sastrillas, ang tumatayong presidente ng UNBA 4-H Club, noong una ay hindi buo ang loob nila sa sinimulang samahan. May kasama pa ring pag-aalinlangan lalung-lalo na at baguhan pa lang sila sa pagnenegosyo.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

**Ang Ubay Northeastern Dairy Breeders Association (UNBA) 4-H Club ng San Vicente, Ubay, Bohol ay naglalayong hikayatin ang mga kabataan na tangkilikin ang pagsasaka at kumita mula rito. Sa pamamagitan nito ay malilihis ang atensyon ng mga kabataan sa iba't ibang bisyo.**



**75,000**

unang kita mula sa mahigit 300 sakong corn silage

**8,000**

buwanang kita mula sa apat na gatasang kalabaw




"Nahirapan kami sa una dahil wala kaming kasanayan at karanasan sa pagnenegosyo. Hindi rin namin alam kung papaano mahimok ang kasamahan naming kabataan," ani Sastrillas.

Gayunpaman malaki ang pasasalamat nila sa mga nagsilbing tagapayo nila lalung-lalo na kay Gudi na laging gumagabay at nagbibigay ng teknikal na suporta.

Si Melvin at ang mga kasamahan niya sa organisasyon ay malapit na magkakamag-anak. Kaya naman pagdating sa mga gawain ay sinisiguro nilang pantay ang hatian. Mayroon silang daily time record o DTR para mabantayan ang oras na ginugugol ng bawa't isa at magsilbing batayan sa hatian nila ng kita. Dagdag pa nila, masaya pala ang pagtatrabaho sa bukid.

"Naeenjoy namin mula pagtatanim hanggang pag-aani, lalong-lalo na ang mga biruan habang ginagawa namin ito," natutuwang sabi ni Melvin.

Lahat ng miyembro maliban kay Melvin ay nag-aaral—ang ilan ay nasa kolehiyo na samantalang high school naman ang iba. Kamakailan lang, sumunod sa pagsiklab ng COVID 19 ang hagupit naman ng bagyong Odette sa kapuluan ng Visayas. Sa kabila nito, hindi nagpatinag sina Melvin at ipinagpatuloy ang kanilang pakikipagsapalaran sa pagsasaka at pagkakalabawan. Hindi naman sila nabigo sapagka't tumaas ang kita nila at nagbukas pa ang mas maraming oportunidad para sa pagpapaunlad ng kanilang negosyo.

"Malaking pakinabang ang nakukuha namin sa produksyon ng corn silage, mas lalo na ang paggagatas ng kalabaw at baka kung saan araw-araw ang kita," patotoo ni Melvin.

Sa katunayan, nagamit nila ang kita mula rito na pambili ng cellphone na pang-online class, at ang iba naman ay ipinang-grocery nila sa bahay.

### Kampeon ng agrikultura, mukha ng katatagan

Hindi naging sagabal ang kabi-kabilang hamon sa mga kabataan dahil patuloy silang kumikita habang nag-aaral. Naging malaking pundasyon nila ang sipag, determinasyon, at katatagan mula sa simula hanggang sa paglago ng kanilang negosyo.

Dahil sa ipinamalas nilang pagpupursigi, pinarangalan sila ng National Excellent Achievers Award (NEAA), 4th place, taong 2020. Ginanap ito sa nakaraang 69th National 4-H Summit na may temang "RISE of the 4-Her: Reaching Independence, Sustainability and Empowerment of 4-H club amidst the Pandemic". Ang 4-H club ay isang programa tungo sa kaunlaran ng kabataan kung saan nagbibigay ng hands-on at mga gawaing pang-edukasyon ang mga volunteers. Layunin nitong pagtibayin ang citizenship, leadership, responsibilities, at mga life skills ng kabataan sa pamamagitan ng experiential na pag-aaral at positibong pamamalakad.

Samantala, sila naman ang nanguna sa regional category. Ang sertipiko ay ibinahagi bilang pagbibigay-pugay sa kanilang pagsisikap at dedikasyon para isulong ang agrikultura sa gawaing pagkakalabawan.

Sa kabila ng mabilis na pagbabago ng panahon, nangibabaw sa mga kabataan ang katatagan na ipinamamalas nila sa pamamagitan ng pagtayo sa kanilang sariling mga paa. Nanalasa man ang pandemya o bagyo at ano pa mang kalamidad, hindi kayang tangayin ng alin man dito ang kanilang pangarap. Ⓚ

> **"Malaking pakinabang ang nakukuha namin sa produksyon ng corn silage, mas lalo na ang paggagatas ng kalabaw at baka kung saan araw-araw ang kita."**
>
> **MELVIN SASTRILLAS**
> President
> UNBA 4-H Club






# Ang pamilyang nagkakalabaw, sa kita napapa-wow!

NI **RONALINE CANUTE**

"Ang pera ay hindi tumutubo sa mga puno." Ang pananaw na ito ay isinabuhay ng mag-asawang Arthuro at Erlina Madrigal na nagmamay-ari ng Madrigal Dairy Farm sa Asbang, Matanao, Davao del Sur. Sa kanilang limang ektaryang lupain ay kasa-kasama nila ang kanilang mga anak sa pagtatanim ng mga puno ng prutas at pag-aalaga ng hayop katulad ng kalabaw, kambing, at manok.



Naniniwala sila na habang itinatawid nila ang kanilang mga anak sa kanilang pag-aaral ay iminumulat din nila ang kanilang mga kaisipan sa realidad ng buhay.

### Pagpasok ng biyaya

Dalawampu't-dalawang taon nang miyembro ng Inyam Pintuan Asbang Multi-purpose Cooperative (IPAMCO) si Arthuro Madrigal. Sa mahigit na 400 miyembro ng koop, isa siya sa 10 mapalad na napagkalooban ng limang kalabaw ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).

Mula sa kanilang natanggap na limang kalabaw ay itinayo nila ang kanilang sariling farm na tinawag nilang Madrigal's Dairy Buffalo Farm na hango sa apelyido ng pamilya.

Si Arthuro Jr., 30, na mas kilala sa palayaw na Puloy at panganay na anak ng mag-asawa ay nakapagtapos ng short course sa pagwewelding nguni't nang makitang may pera sa pagkakalabaw ay iniwan ang trabaho at tumulong sa kabuhayan ng pamilya. Lumahok din siya sa pa-training ng DA-PCC para sa mga gustong maging AI technician. Ang kanyang mga natutunan sa training ay isinasagawa niya sa kanilang mga alaga. Nagbibigay din siya ng libreng serbisyo sa mga alagang kalabaw ng ibang miyembro ng kooperatiba.

### Higit pa sa kita

Sa farm na ito mas lalong tumibay at yumabong ang kanilang pagsasama bilang isang pamilya. Araw-araw ay tulung-tulong nilang inaalagaan at ginagatasan ang kanilang mga kalabaw. Maihahambing sila sa mga bahagi ng katawan na may kanya-kanyang tungkuling ginagampanan.



"Sabi ng Papa ko may ibibigay daw na kalabaw ang DA-PCC. Pero nagdalawang-isip ako kung paano namin sila aalagaan hanggang sa nakita ko na may pera pala sa kalabaw lalo na sa paggagatas."

**ARTHURO MADRIGAL JR.**
AI technician

"Araw-araw kaming naggagatas kaya araw-araw din kaming busy. Masaya ako na nakikita kong nagtutulung-tulong hindi lang kaming mag-asawa kundi pati na rin ang aming mga anak," proud na kwento ni Erlina.

"Naging bonding na naming pamilya ang pagkakalabaw," saad pa ni Arthuro.

Ang panganay na si Puloy ang tagapastol. Ang pang-apat naman na si Ronick, 21, ang kanilang milker samantalang ang bunsong si Tenten,15, ang tagalinis ng mga nagamit sa paggagatas habang si Erlina naman ang tagarecord. Ang pangalawa at pangatlong anak na sina Fritzy, 28, at Ronick, 23, ay parehong may trabaho na.

Pagsapit ng alas-kwatro ng umaga, gigisingin ni Arthuro ang kanilang mga anak. Si Ronick, na nakatoka sa paggagatas ay maliligo na habang inihahanda ni Puloy ang kalabaw. Pagkatapos maggatas, lilinisin at huhugasan ng bunsong si Tenten ang ginamit ng kanyang kuya na salaan.

"Kinagisnan ko ang kalabaw bilang bahagi ng kabuhayan namin noon sa pagsasaka. Ngayon na mayroon na akong mga anak, masaya ako na sinusundan nila ang aking mga yapak," masayang pagbabahagi ni Arthuro.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA




### Ginintuang aral

Sa kasalukuyan ay dalawang kalabaw ang kanilang ginagatasan kung saan walong litro ng gatas ang kanilang nakukuha mula sa isang kalabaw. Tiyak na sa susunod na mga buwan at taon ay matitriple ang kanilang makukuhang gatas dahil buntis ang kanilang tatlong iba pang alaga.

Maliban sa pagtuturo nina Arthuro at Erlinda kung paano kumita, tinuturuan din nila ang kanilang mga anak kung paano mag-ipon. Ang kanilang kinikita sa paggagatas ay kanilang inihuhulog sa alkansya. Ang una nilang ipon mula rito ay kanilang ibinili ng ref na makatutulong sa kanilang negosyong gatasan.

"Iyong susunod naming ipon ay nakalaan naman sa multicab. Sana bago matapos ang taon ay makabili kami," ani Erlina.

"Malaki ang pasasalamat ko sa DA-PCC sa kabuhayang ito. Bilang ganti ay sisipagan pa naming mag-anak ang pagpaparami ng kalabaw," taos-pusong pasasalamat ni Arthuro.

Higit sa biyayang pinansyal na nakamit ng pamilya Madrigal sa kabuhayang salig sa gatasang kalabaw ay ang matibay na prinsipyong kanilang naituro sa mga anak. Ito ay ang pagkakaisa bilang mag-anak para maabot ang kanilang sama-samang hangarin ng maalab na pagkakalabawan. Ⓚ

**"Kinagisnan ko ang kalabaw bilang bahagi ng kabuhayan namin noon sa pagsasaka. Ngayon na meron na akong mga anak, masaya ako na sinusundan nila ang aking yapak."**

ARTHURO MADRIGAL SR.








# KALABAW LANG ANG TUMATANDA



KWENTONG PAGPAPATUNAY NA 'AGE IS JUST A NUMBER'

NI **COORES CELOY**

Si Gregorio Cueco, 67, na nagmula sa Baybay, Leyte ang siyang tampok sa kwentong ito.

Ayon sa 2017 survey ng Department of Agriculture, matagal nang alalahanin sa sektor ng agrikultura ang tumataas na bilang ng mga magsasakang nasa edad 57 pataas sa kabila ng mga posibleng panganib na dulot nito sa kanilang kalusugan.

Kadalasan, ang mga nasa edad 60 pataas ay nagreretiro na nguni't para kay Tatay Gregorio ay "kalabaw lang ang tumatanda."

Hindi pa tumitilaok ang manok ay gising na si Tatay Gregorio para pumunta ng bukid. Pagpatak ng alas-sais ng umaga ay tapos nang gatasan ang kanilang mga alagang kalabaw.

"Ako ang nagpapakain, nagpapaligo, nagpapastol sa mga kalabaw. Nagtatanim din ako ng Napier," salaysay ni Tatay Gregorio.

Bukod sa pag-aalaga ng mga kalabaw, nakagawa rin siya ng fabricated chopper na ginagamit pantadtad sa mga damong ipinapakain sa mga kalabaw.

Kahit na may edad na ay hindi ito naging hadlang sa kanya upang maalagaan nang maayos ang kanilang mga kalabaw. Sa katunayan, dalawang beses nang nakatanggap ng parangal mula sa Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang kanyang mga inaalagaang kalabaw bilang "Best Senior Cow" noong 2010 sa national level at "Best Junior Cow" noong 2021 sa regional level. Ang mga parangal na ito ay nagpapatunay kung gaano kahusay mag-alaga ng kalabaw ang isang Tatay Gregorio.

Sa likod ng tatag at lakas ni Tatay Gregorio ay ang kanyang mga anak na nakasuporta sa kanyang gawain. Sa katunayan, kumuha sila ng dalawang kasama na makatutulong kay Tatay Gregorio sa bukid habang sila naman ay pumapasok sa kani-kanilang mga trabaho.

### Sikreto sa matagumpay na pagkakalabaw

Nang tanungin si Tatay kung ano ang kanyang sikreto sa matagumpay na pag-aalaga ng kalabaw, simple lang ang kanyang naging sagot: "tamang pakain lang at huwag tamarin."

Alas-kwatro pa lang ng umaga ay gising na si Tatay Gregorio para pakainin at gatasan ang mga kalabaw. Ang mga ipinapakain niya ay sarili rin niyang tanim.

Nakakokolekta sila ng 10 hanggang 28 na litrong gatas sa isang araw mula sa tatlong kalabaw. Dahil sa mataas na produksyon ng gatas ay hindi na nakapagtatakang dalawang ulit nang naparangalan si Tatay Gregorio.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA














Ang mga nakolektang gatas naman ay agad-agad nilang dinadala sa Baybay Dairy Cooperative na inaasistehan ng DA-PCC sa Visayas State University.

Pagtaas ng araw ay ipinapastol nila ang mga kalabaw sa tabing ilog, na 'di kalayuan sa bukid, upang paliguan at hayaang maglublob.

### Sa pagkakalabaw, angat ang buhay!

'Di kalauna'y nagkaroon na rin ng interes ang kanyang pangalawang anak na si Jeffrey, 37, sa pag-aalaga ng kalabaw at siyang naging kanang kamay niya sa bukid.

"Noong nakita ko na umaasenso ang mga magkakalabaw sa Luzon ay naengganyo na akong tulungan si Tatay sa pag-aalaga ng kalabaw," kwento ni Jeffrey.

"Mas maganda sa pagkakalabaw dahil araw-araw may kita kaysa sa gulay na minsan walang kita tapos madaling malanta," patotoo naman ni Tatay Gregorio.

Dahil sa pagkakalabaw ay napagtapos niya ng pag-aaral sa kursong Bachelor of Science (BS) in Agricultural Engineering ang panganay, sa BS in Agriculture ang pangalawa, at sa BS in Education naman ang kanyang bunso.

Napaganda at nakapagpatayo rin si Tatay Gregorio ng karagdagang kulungan para sa mga kalabaw.

Sa edad na 67, pinatunayan ni Tatay Gregorio na sa negosyong pagkakalabaw, "age is just a number". Dahil ang alab at sigasig niya sa pag-aalaga ng kalabaw ay kasing init at liksi rin ng paraan ng pag-aalaga ng mga batang magkakalabaw.



# NAGKANDALUGI NOON, TULUY-TULOY NA NAGTATAGUMPAY NGAYON!

NI **ROVELYN JACANG**



Sa murang edad ay kinamulatan na ni Albert Ortiz ng Tanza, Cavite ang pag-aalaga ng kalabaw dahil sa kanyang lolo at sariling ama. Ang kanilang gatas na naaani noon ay kanilang ipinagbibili sa mga gumagawa ng kesong puti, na isa sa mga bantog na produktong gatas sa kanilang lugar.

### Kabiguan

Bagama't mulat na sa gawaing paggagatas, likas na kay Albert na subukin ang iba pang pwedeng pagkakitaan, isa na rito ang poultry business. Ipinagbili nila ang kanilang alagang baka at kalabaw upang ipangpuhunan sa negosyong ito. Ang nasabing negosyo ay hindi nagtagumpay nguni't hindi ito naging dahilan upang panghinaan ng loob si Albert. Noong siya ay 20 taong gulang, sinubukan niya ang pagbebenta ng itlog na maalat at pagtatanim ng mga gulay. Sa kasamaang palad dahil sa bagyong Ondoy, ito ay nalugi rin dahilan upang mahinto ang naturang negosyo.

Panandaliang huminto muna sa pagnenegosyo si Albert para pumasok bilang steward sa isang hotel sa Makati. Dahil sa maliit lang ang kinikita sa naturang trabaho, nagpasya siyang magresign at sumabak muli sa pagnenegosyo. Kanya namang sinubukan ang junk shop business. Dahil sa pabagu-bagong demand ng mga kalakal, nalugi rin ang negosyong ito na tumagal lang ng isang taon.

### Hindi pagsuko

Malakas ang loob ni Albert sa pagnenegosyo, nalugi man siya sa ibang negosyong pinasok, hindi ito naging hadlang upang siya'y sumubok muli. Ayon sa kanya, mas gusto niya na may sarili siyang negosyo kaysa maging empleyado.

Taong 2011, sinubukan niya muling bumalik sa pagtatanim ng gulay na noo'y kumita na kahit paano. Sa pagkakataong ito, naisip niya na mag-alaga ng kalabaw na, aniya, katugma ng pagtatanim o pagsasaka bukod sa pwede pa itong gatasan.

Ginamit niya ang kanyang naipon mula sa pagtatanim ng gulay para bumili ng dalawang gatasang kalabaw. Hindi nagtagal ay bumalik siya sa paggagatas at gaya ng dati ay ipinagbibili niya ang aning gatas sa gumagawa ng kesong puti sa kanilang lugar.

Nang lumaon, dumami na ang kanyang inaaning gatas at hindi na ito kayang bilhin lahat ng mga gumagawa ng keso. Dahil likas sa kanya ang pagiging mapamaraan, naghanap siya ng ibang market. Dito niya naisipang maging miyembro ng General Trias Multipurpose Cooperative na noo'y may malaking pangangailangan sa gatas.

Taong 2014, nabiyayaan siya ng tatlong Italian Mediterranean buffaloes mula sa DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños. Nagsanay din siya upang maging village-based artificial insemination technician (VBAIT) kung saan nagbibigay siya ng serbisyo sa buong probinsya ng Cavite. Dahil naging abala na sa pagiging technician at pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw, tuluyan na niyang iniwan ang pagtatanim ng gulay at nag-focus na lamang sa mga gawaing nabanggit.

Ang kanyang kinikita mula sa gatas ng kalabaw at sa pagiging AI technician ay kanyang iniipon upang ibili muli ng mga gatasang kalabaw. Kasabay ng paglago ng kanyang negosyo ay siya ring pag-angat ng kanilang kabuhayan. Noong 2017 umabot na sa 17 kalabaw ang kanyang inaalagaan. Sa taon ding ito ay sinimulan nila ng kanyang asawa na ipatayo ang kanilang pinapangarap na sariling bahay.

Kasabay pa rin ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw, noong 2018, sumubok muli si Albert na dagdagan ang kanyang pinagkakakitaan. Bumalik sya sa poultry at pagbebenta ng itlog na maalat. Sa kasamaang palad ito ay muling nalugi dahil hindi niya ito natutukan. Nguni't sa pagkakataong ito ay hindi na niya masyadong ininda ang pagkalugi dahil sa kanyang kinikita mula sa mga gatasang kalabaw at bilang AI technician.

### Pagpapatuloy sa kabila ng mga hamon

Hindi alintana ni Albert ang mga kabiguan, nagpatuloy lamang siya sa pakikipagsapalaran at hindi sumuko sa anumang mga hamon.

"Sa lahat ng negosyong pinasok ko, sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw lang ako hindi nalugi," ani Albert.

Katulong ni Albert ang kanyang mga laborers sa pag-aasikaso sa kanyang mga alagang kalabaw. Kapag siya ay nakakaipon, bumibili siya ng mga kalabaw, bulo man o dumalaga, upang sa pagdating ng panahon ay kanyang magatasan. Pinagyayaman din niya ang kanyang kaalaman sa pamamagitan ng pagdalo sa mga training, seminar, at mga conference kung saan nakakukuha siya ng inspirasyon at ideya.

Dahil kinalakhan na niya ang pag-aalaga ng kalabaw at sa kanyang mga bagong kaalaman ukol sa mga pinagbuting pamamaraan ng pag-aalaga, patuloy na lumalago ang kanyang negosyong gatasang kalabaw at pagiging AI technician. Mawalan man siya ng mga katulong sa pag-aalaga ng kalabaw, hindi ito makaaapekto sa kanyang negosyo dahil alam ni Albert ang pasikot-sikot nito. Bagama't mahirap, aniya, kaya niyang gampanan ang mga gawain nang mag-isa.

Madalas din siyang makatanggap ng mga tawag mula sa mga magkakalabaw sa buong Cavite. Bukod sa pagsesemilya, tinutugunan din ni Albert ang mga tawag na may kinalaman sa kalusugan ng kalabaw gaya ng prolapse, pagpupurga, at pagbibigay ng vitamins.

Sa patuloy na paglago ng kanyang pagkakalabawan ay namimili rin si Albert ng gatas mula sa ibang mga dairy farmers sa Tanza. Sa kasalukuyan, kumikita siya ng Php15,000 kada buwan sa pagiging AI technician. Siya rin ay mayroon nang 62 kalabaw—21 rito ay gatasan, pito sa mga ito ay ipinagkaloob ng DA-PCC at ang karamihan ay kanyang binili mula sa kinita sa paggagatas. Ang kanyang inaaning gatas sa araw-araw ay umaabot sa 90 litro na naipagbibili nya sa halagang Php99 kada litro.

### Pagharap sa hamon

Nakaranas man ng pandemya, hindi ito naging dahilan upang tumigil sa pagnenegosyo si Albert. Ginamit niya ang teknolohiya ng social media upang i-promote ang kanyang aning gatas. Nag-online selling sya ng gatas na ipinagbibili niya sa halagang Php100-120 kada litro.

Pangarap ni Albert na lalo pang palaguin ang kanyang negosyo. Tinatanaw niya na sa taong 2023 ay 50 na ang kanyang ginagatasang kalabaw. Bukod sa naipundar na bahay mula sa paggagatas, gusto rin niyang makabili pa ng lupa. Sa kanyang lakas ng loob at pagiging mapamaraan, hindi malayong mangyari ang lahat ng kanyang pinapangarap. K





I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.

**DA-PCC K-Portal**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC Virtual Tour**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.




## 1 *Bull Entrustment Program*

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## 7 *Artificial Insemination (AI)*

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.

## 2 *Training and Technical Assistance*

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## 6 *Laboratory Services*

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## 3 *Community Development*

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## 5 *Production of Quality Feeding Stocks*

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## 4 *Frozen Buffalo Semen Distribution*

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.